Ano ang PSW 2011?

Ang Pambansang Summit sa Wika (PSW) 2011 ay isang pagtitipon ng mga dalubhasa sa wika at ng mga propesyonal sa iba't ibang mga larangan na sangkot sa mga usaping pangwika upang tayain ang estado ng mga wika sa Pilipinas at magkaroon ng kolaborasyon tungo sa pagpapaunlad, pagpapanatili at pangangalaga sa mga wikang ito.

Paano tatayain ang estado ng mga wika sa bansa?

Nag-imbita ng mga ispiker sa summit na binubuo ng mga dalubhasa sa wika at ng mga kilalang personalidad sa iba't ibang mga larangan at sangay ng pamahalaan. Ang ilan sa kanila ang bumuo ng mga palising pangwika sa bansa habang ang iba naman ay ang mga nagpapatupad at nagpapalawig sa mga ito. Ang lahat ng kalahok sa kumperensya ang magiging bukal ng kaalaman sa estado ng mga wika sa Pilipinas at sa pagsulong ng mga istratehiya sa pagpapaunlad ng mga wika.

Contact Information

Para sa karagdagang impormasyon sa iba pang mga detalye kaugnay ng kumperensya, tawagan si Brian Lumague sa:
(074) 444.8393/+639157907243
mag-email sa:
brian.lumague@gmail.com

Alay ng Kolehiyo ng Sining at Komunikasyon
sa Ginintuang Anibersaryo
ng Unibersidad ng Pilipinas Baguio

Pambansang Summit sa Wika 2011

"Pagkilala sa mga Wika ng Pilipinas: Tungo sa Pagsulong ng Lahing Pamana"
Abril 22-23, 2011
sa Bulwagang Juan Luna
Unibersidad ng Pilipinas Baguio

Panukalang Papel

Paanyaya para sa pagsumite ng proposal para sa mga paksang pangwika, dokumentadong karanasan at pananaliksik sa pagpapaunlad ng mga wika sa bansa.

Mga kategorya para sa mga papel na babasahin:

- Wika at Edukasyon
- Wika at ang mga Istratehiya sa Pagpapalakas Nito
- Wika, Kultura at Lipunan
- Wika sa Iba't Ibang Larangan ng Espesyalisasyon
- Wika sa Gobyerno at Industriya
- Wika at Teknolohiya

Pagsumite ng mga Abstrak

Ang abstrak ay hindi dapat lalampas ng 400 salita. Filipino o Inggles ang wikang gagamitin sa teksto subalit sa presentasyon, maaring gamitin ang wikang tinatalakay sa papel. Hindi dapat lumampas ng 20 minuto ang presentasyon. Magbigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa institusyon at mga interes sa pananaliksik. Ipadala ang mga abstrak sa email address na: cac.psw2011@gmail.com.

Deadline para sa abstrak: **Oktubre 30, 2010**
Paglabas ng abiso sa pagtanggap ng abstrak: **Nobyembre 30, 2010**

Ano ang mga magaganap?

Abril 22

Umaga

Rehistrasyon
Sesyong Plenaryo
"Pagkilala sa mga Wika ng Pilipinas: Tungo sa Pagsulong ng Lahing Pamana"
"Pagtaya sa Estado ng mga Wika sa Pilipinas"

Hapon

Mga Sesyong Paralel
Wika at Edukasyon
Wika, Kultura at Lipunan
Wika at Teknolohya

Abril 23

Umaga

Mga Sesyong Paralel
Estado ng Wika sa Iba't Ibang mga Larangan
Wika sa Gobyerno
Wika sa Media
Wika sa Industriya

Hapon

Sesyong Plenaryo
"Mga Wika ng Pilipinas sa Senaryong Global"
Paggawad ng mga Sertipiko

*Tentatibong Programa

Magkano ang Rehistrasyon?

Php 1,500
(para sa pagkain, simpleng kit at sertipiko)

Akomodasyon at Transportasyon

Ang kumpletong listahan ng transportasyon, tirahan at iba pang mga detalye ay matatagpuan sa Facebook fanpage ng PSW 2011.

Maaari ring makipag-ugnayan kay Brian Lumague. Nasa likod ng brochure ang mga contact details.